REP. SALCEDA. Iyong structure po, Your Honor, basically, tumutugon pa rin doon sa apat. So, mayroon ho tayong Secretary of Disaster Resilience na may Cabinet portfolio. May dalawa ho siyang Assistant Secretary na Internal Audit at Chief-of-Staff. Tapos po iyong pinakauna is Undersecretary for DRR and Climate Change, nandito po halos. So, bale iyong nasa departamento, basically po ay mga staff functions at ang kino-cover po niya, isa, dalawa, tatlo, apat, lima, so, there will be a Usec for Administration and Finance, at Usec for Civil Defense. Depende po iyan sa atin kung gusto nating i-retain, kasi nga po isa po ito sa pinakamatagal na pinagdebatehan kung iiwanan na po ba iyong Civil Defense sa DND, kasi ang mangyayari po, kukunin lang ho natin iyong porsiyon, tapos mayroon po tayong Undersecretary for Policy and Governance and Undersecretary for Capacity Building. Sa ilalim po

niya ay mayroon po tayo noong mga regional offices, at siyempre, iyong mga regional offices pong iyon ang siyang magma-manage sa operation ng ating mga units doon sa ground, at sila po ay regionally organized at magkakaroon po tayo ng fiscal space na may isa pong tagabantay sa bawat LGU kung sila po ay sumusunod o iyong kanilang mga ginagawa ay sang-ayon sa kung ano ang makakapagbawas ng peligro at magpapatibay sa kakayahan ng komunidad upang harapin at mapabilis ang pagpapanumbalik ng kakayahan ng ekonomiya at ng hanapbuhay ng kanilang komunidad. So, basically, Your Honor, one, two, three, four, five, lima po ang magiging ...

REP. BELMONTE (J.). Usec.

REP. SALCEDA. ... Usec po..

REP. BELMONTE (J.). So, 5 Usec, 10 Asec, 11 na Service Directors, if I am not mistaken, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. BELMONTE (J.). Eh sa ...

REP. SALCEDA. Sa ngayon po, ito po iyong panukala, dahil po iyon ang nakikita natin na kung gusto nating maging zero casualty, mabawasan natin iyong mga damages na siya naman pong pataas nang pataas dahil patindi nang patindi at parami nang parami po ang mga masasabi nating mas matitinding mga disaster events ay kakailanganin po talaga natin ng proportional response na kailangan po ng Departamento.

Ang isa pa po dito na benepisyo, dahil uupo siya sa Gabinete, at lahat po ng mga dadaan na mga proyekto, programa o panukala na itinalakay doon sa Gabinete ay puwede siyang magsalita kung ito po ay makababawas sa disaster risk o kung ito ay makapagpapalala ng disaster risk. Maaari na rin siyang mag-propose ng contingency plan or structural mitigation para kung halimbawa, ang isang programa ay pagtatayo ng isang malaking dam, dadaan po talaga iyan, mayroon na kaagad tayong mapupuntahan upang siya, hindi lang science, kung hindi po based sa practice ay makapagsasalita po patungkol sa disaster risk reduction.

REP. BELMONTE (J.). Thank you po.

Ang concern ko rin po dito ay iyong mayaman ding karanasan ng mga local communities and iyong mga civil society organizations sa participation sa ground. Sa national level po, parang Section 20 and Section 23, magtatayo ng dalawang council. Pero, parang hindi po na-mention na malalim iyong venues for local participation sa municipal and sa barangay

levels. For example po, Section 20, National Disaster Resilience Council, 6 representatives from the academe, 6 representatives from the Civil Society Organizations, 6 representatives from the private sector, plus 44 representatives from the government agencies. So, ito po iyong council, 62 members po. Pero, may Section 23 din po na establishing a Multi-Stakeholders Convergence Unit na ang kasama ho din dito ay mga Civil Society Organizations.

Nais ko lang po, para ho sa aking kaalaman, hindi ho ba parang dalawang napakalalaking stakeholders' participation sa national level, pero parang, baka lang hindi ko alam, parang hindi ba redundant iyan tapos napaka-unwieldy, Sir? Tapos, sa grassroots level po, sa mga barangay po natin, wala po akong nakikitang mention, aside from iyong assurance ng author, Mr. Speaker, na hindi naman ito tinatangal iyong mga lessons ng R.A. No. 10121.

REP. SALCEDA. Hindi po talaga puwedeng i-repeal iyon dahil napakaganda po ng performance ng R.A. No. 10121. Ang R.A. No. 10121 po ay itinatanghal sa buong mundo bilang isa sa pinakamagaling na balangkas kung ano dapat ang isang Disaster Management Office.

Ang ginagawa doon sa ni-refer ninyo na Section 20, essentially po ay nilagyan lang nga natin ng mas maraming partisipasyon ang private sector pati na ang mga civil society organizations, pero hindi na po sila iyong magsasagawa dahil sa ngayon, may NDRRMC ka, kaya ang NDRRMC nagtetest, ay hindi ho naman siya executive agency. Ang NDRRMC po, basically, is a council that makes policy or programs to be implemented by certain departments or agencies. So, it is essentially a policy advisory board. Iyong multi-sector stakeholder is really in support of the fact na hindi po puwedeng araw-araw o buwan-buwan magkita-kita kasi ang NDRRMC, these are secretarial levels. So, mayroon po doong puwedeng patuloy na nag-aaral, nagmo-monitor at dito na nga po nahahango, lalung-lalo na sa pamamagitan ng kontribusyon ng public agency, pati na ng private sector, lalung-lalo na ang people's organizations and civil society organizations kasi kung minsan ang papasok lang po doon sa council, tigililima.

REP. BELMONTE (J.). Sakto.

REP. SALCEDA. So, iyong Multi-Sectoral Convergence Unit, essentially po doon mag-uusap-usap na mas patuluyan na kung anuman po mahango na insight ay puwedeng dalhin sa konseho upang ito ay maging isang patakaran na ii-implement naman ng DDR bilang siya na hindi naman exclusive, pero has the primacy of implementing the reduction, the preparedness, the response, the recovery and the rehabilitation effort ng buong Estado, ng ating bansa.

So, samakatuwid, Your Honor, hindi siya redundant. It only recognizes that all the Secretaries have so many mandates, so they have many issues to attend to other than disaster. It is only because our country, we are number three in the Disaster Risk Index doon po sa WRI. Ang number one po ay ang Vanuatu at number two naman ay ang Tonga. Eh kung iko-consider mo ang populasyon, lalabas po doon na ang Pilipinas talaga ang number one pagdating sa climate risk, lalung-lalo na iyong tinatawag nating complex interaction with geological risk dahil ang Pilipinas ay nasa Pacific Ring of Fire, nasa seismic belt, and definitely siya po ang entrada ng lahat ng severe weather events na ipinapanganak doon sa Dagat Pasipiko.

REP. BELMONTE (J.). Isang last question na lang po.

REP. SALCEDA. Sige po.

REP. BELMONTE (J.). Isang last question na lang po, Mr. Speaker, Your Honor.

Nabanggit ninyo kahapon, Honorable Salceda, na iyong DOST budget ay nablo-bloat dahil sa PAGASA.

REP. SALCEDA. Nagpapalaki po.

REP. BELMONTE (J.). Oo. Para lang po clear din sa mind ko, ano iyong expectation ninyo o iyong computation ninyo para sa budget nitong Department na ito, iyong Local Disaster Resilience Funds, iyong funds for prevention, mitigation, preparedness at iyong funds na possible na bumaba para sa mga third to sixth-class municipalities po?

REP. SALCEDA. Your Honor, kung pagbibigyan sana ng kabuuan ng atin pong Kongreso pati na po ng Senado, aabot po ang Operating Fund nito na existing ng P30 billion. Ito po iyong existing na nasa NEP. Kapag iyan po ang binuo natin sa loob ng isang departamento at kung idadagdag ninyo ang Calamity Fund dahil ang Calamity Fund now ay ilalagay na po talaga sa management ng Department of Disaster Resilience, at hindi na ikakalat iyong QRF ng kung saan-saan pong departamento. Siya na lang ang magbibigay ng pondo sa kung sino pong departamento ang puwede mag-respond.

So, depende po iyan sa mga pangangailangan. Halimbawa, mas malaki po ang inilalagay nating pondo sa DPWH, samantalang halos 70 porsyento po—hindi nga lang siguro 70—ang number one talagang nada-damage ay ang agriculture, pero hindi ho natin nalalagyan ng pera kasi nga iyong QRF nila, mas malaki talaga sadya iyong para sa departamento na. So, Your Honor, dito na papasok, halimbawa, sa

policy-making noong NDRRMC na ginawa nating Policy Advisory Board, “O, ito ha, dito mo ilalagay—magkaroon ka na ng sinasabi nating recommended QRF utilization.” P1 billion sa DPWH, P1 billion sa—siguro para sa akin, P2 billion ang ilalagay ko sa Department of Agriculture, P500 million sa relief dahil po ang relief is a shared responsibility with the local government units, so, Your Honor, kapag idinagdag mo lahat, aabot po ng P50 bilyon. At karamihan nito, ang pinakamalaki talaga ay iyong Calamity Fund na bente na sa ngayon, diyan sa ating NEP, at iyong BFP dahil ipinapanukala nga dito na we should have boots on the ground na under the control po dahil sa buong mundo, it is being practiced na, ang Bureau of Fire ang siyang nagre-respond. Kung forest fire man iyan sa California, o pagbaha man iyan sa California, makikita mo kaagad ang Bureau of Fire, at under na sila ng FEMA o Federal Emergency Management Agency. Kapag mayroon ho ditong chart, makikita ninyo na ang Bureau of Fire Administration ay nasa ilalim na ng FEMA sa Estados Unidos dahil iyon ang lumalabas na pinakamabilis na humaharap at nakakapag-respond sa disaster.

So, iyong sinasabi ninyo po na tinanong ninyo ang PHIVOLCS, ang PAGASA, umaabot po ng P1.6 billion. At iyong pinakamalaki outside of BFP actually, is DREAMB, which is under po ng DSWD. Ito po iyong kanilang disaster response. Actually iyong DREAMB po ay tuwang-tuwa na maging bahagi ng Department of Disaster Resilience, at gustong-gusto nila dahil ang kanilang very efficient repacking centers ay magagamit na at puwede nating i-replicate sa iba pang mga lugar.

REP. BELMONTE (J.). Maraming salamat po, Mr. Speaker, Your Honor.

Thank you very much for your time. Kung maari po, maybe before the period of amendments, makasingit lang po tayo ng wordings na acceptable sa ...

REP. SALCEDA. Ay opo, Mr. Speaker. Wala po ba kayong kopya ng House Bill No. 8165?

REP. BELMONTE (J.). Nasa lamesa. Mayroon naman po.

REP. SALCEDA. Ah. Hindi po ninyo ipinamigay?

REP. BELMONTE (J.). Anyway, with that I end my interpellation, Mr. Speaker.

Thank you po.

REP. SALCEDA. Salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 8165

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, I move that we suspend the consideration of House Bill No. 8165.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, I move that we recognize the Minority Leader for his manifestation of additional members of the Minority Bloc.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Minority Leader, the Hon. Danilo E. Suarez, is recognized.

RECOGNITION OF A NEW MEMBER OF THE MINORITY BLOC

REP. SUAREZ. Thank you, Mr. Speaker.

Mr. Speaker, I respectfully move that the Hon. Aileen C. Radaza, Representative from the Lone District of Lapu-Lapu City, be recognized as an additional member of the Minority bloc in the Seventeenth Congress.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

RECOGNITION OF NEW ADDITIONAL MEMBERS OF THE MINORITY BLOC

REP. SUAREZ. Mr. Speaker, I respectfully move that the following be recognized as the new and additional Deputy Minority Leaders of the Minority bloc in the Seventeenth Congress:

Hon. Joseph Stephen S. Paduano vice Hon. Alfredo A. Garbin Jr. as Deputy Minority Leader; and Hon. Orestes T. Salon as Assistant Minority Leader

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, may we acknowledge the presence of the guests of Hon. Jeffrey D. Khonghun in the gallery. They are the Barangay Council Members and other Officials of Barangay Nagbunga in San Marcelino, Zambales.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests

of the Honorable Khonghun, we welcome you to the House of Representatives. *(Applause)*

REP. MARCOLETA. May we also acknowledge the presence of the guests of Deputy Speaker Raneo “Ranie” E. Abu. They are the Barangay Captains of the municipality of Lobo from the Second District of Batangas, headed by its ABC President Sany Ramirez. *(Applause)*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests of the honorable Deputy Speaker Abu, we welcome you to the House of Representatives.

REP. MARCOLETA. May we also acknowledge the presence of the guest of Party-List Reps. Sabiniano S. Canama and Anthony M. Bravo PhD., the leader from United Sugar Planters Agrarian Reform Beneficiaries, Ms. Floravil S. King.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The guest of the Honorable Canama and Honorable Bravo will please rise. Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*

REP. MARCOLETA. We also acknowledge the presence, Mr. Speaker, of the guests of the Hon. Ruby M. Sahali from Sapa-Sapa, Tawi-Tawi, namely: Mayor Alshid Mohammad Ali, Vice Mayor Amposuhum Lipae, Board Member Margani Mohammad Ali and Hji Boy Masahud.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests of the honorable Rep. Ruby Sahali, welcome to the House of Representatives.

REP. MARCOLETA. We also acknowledge the presence of the guests of the Hon. Divina Grace C. Yu. They are the Municipal Councilors from the First District of Zamboanga del Sur.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests of the honorable Representative Yu, welcome to the House of Representatives.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, may we also acknowledge the presence of the guests of Hon. Harlin Neil J. Abayon III. They are the employees of the Southern Asia-Pacific Division of the Seventh-Day Adventist Church, Silang, Cavite, headed by Daryl Gay Tanamal.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests of the honorable Representative Abayon, we welcome you to the House of Representatives.

REP. MARCOLETA. We also wish to acknowledge

the presence of the guests, Mr. Speaker, of the Hon. Cheryl P. Deloso-Montalla: they are Civil Engineering students of President Ramon Magsaysay State University.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests of the honorable Representative Deloso-Montalla, we welcome you to the House of Representatives. *(Applause)*

REP. MARCOLETA. Last but not the least, Mr. Speaker, we wish to acknowledge the presence of the guests of the Hon. Luisa Lloren Cuaresma: Ms. Princess Hora, Italia’s Got Talent 2017 winner, accompanied by her father, Mr. Noli Hora.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Guests of the honorable Representative Cuaresma, we welcome you to the House of Representatives.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, we also acknowledge the presence of Vice Mayor Lance Ritual from San Narciso, Zambales.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*
The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. NOEL. I move that we suspend the session for a few minutes, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session suspended.

It was 4:26 pm.

RESUMPTION OF SESSION

At 4:33 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

APPROVAL OF THE JOURNAL

REP. NOEL. Mr. Speaker, I move that we approve Journal No. 18, dated September 11, 2018.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 8165

Continuation

REP. NOEL. Mr. Speaker, I move that we continue the consideration of House Bill No. 8165, under Committee Report No. 842, as reported out by the Committees on Government Reorganization, on National Defense and Security, and on Appropriations.

May we request that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the Secretary General is directed to read only the title of the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 8165, entitled: AN ACT CREATING THE DEPARTMENT OF DISASTER RESILIENCE, DEFINING ITS POWERS AND FUNCTIONS, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. NOEL. Mr. Speaker, the parliamentary status of the Bill is that we are in the period of sponsorship and debate. I move that we recognize one of the authors of the Bill, the Hon. Joey Salceda of Albay.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Honorable Salceda is recognized.

REP. NOEL. Mr. Speaker, we also move to recognize the Honorable Arnel U. Ty of Party-List LPGMA for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Honorable Arnel Ty is recognized.

REP. TY. Thank you, Mr. Speaker.

Puwede po ba akong magtanong ng ilang pagliliwanag sa Bill na ito sa ating magiting na Sponsor?

REP. SALCEDA. Yes po.

REP. TY. Dito po sa itatatag nating Department of Disaster Resilience, where we would define its powers and functions, puwede bang malaman kung ano ang pinaka-task ng Departamento sa panukalang ito?

REP. SALCEDA. Gagawa tayo ng isang Departamento na ito na mismo ang mag-i-implement noong apat na thematics na sa ngayon po ay isinasagawa

ng NDRRMC pero ina-assign sa isang komitiba na mayroong lead agent. Halimbawa po, sa disaster prevention, nasa ilalim ito ng DOST; iyong disaster preparedness and response, nasa DILG; at iyong disaster recovery and rehabilitation, under sa NEDA; at iyong relief naman under po ng DSWD.

REP. TY. Opo. Maliwanag po na lahat ng involved about disaster, ito na pong ahensyang ito ang aksyon?

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. TY. Puwede po bang malaman kung anu-ano ba ang disasters na inyong tinutukoy para umaksyon itong ahensyang ito?

REP. SALCEDA. Usually po iyong natural disasters dulot ng climate change at pati na iyong geological disasters dulot ng ating lokasyon, iyong ating geography, kung anong klaseng lupa mayroon tayo at ang lokasyon mismo ng atin bansa. Halimbawa, nasa seismic belt tayo, so mas marami pong earthquake. Since nasa Ring of Fire po tayo, may volcanic eruptions. Our interaction with climate change and our geological features, katulad ng mas malalakas na storm surges, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. TY. Opo. Sa pagliliwanag lamang po, ipagpaumanhin ng ating G. Isponsor, Mr. Speaker, kapag sinabi po nating “disaster,” halimbawa may bagyo, ito ay considered to be a disaster and this agency will start to prepare sa pagdating ng bagyo at kung anong mga aksyon ang gagawin nito sa pagdating ng bagyo.

REP. SALCEDA. Hindi po. Ang pinakabuod talaga, iyong pinaka-heart and soul po nito ay risk reduction, Mr. Speaker, Your Honor, sa pamamagitan ng mas mabuting Comprehensive Land Use Plan, ika-capacitate nito ang local government units, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Local Disaster Risk Reduction and Management Plan at ika-capacitate din nila iyong local government units. Kasama dito ang CCAP o Climate Change Adaptation Plan and, ultimately, the contingency plan.

Sa ngayon, wala masyado, although naka-assign po iyan sa DILG, subalit ang pagbigay ng kapasidad ng technical experts, iyan po ang pinakagagawin. Halimbawa, sa pamamagitan ng mga “no build zone” sila po ang tutulong sa LGU, kagaya siguro ng mga settlement na nasa tabi ng ilog o iyong nasa loob ng permanent danger zone ng isang bulkan tulad sa amin. Samakatuwid, Mr. Speaker, Your Honor, ito po talaga iyong pinaka—habang wala pa o kakaunti pa ang disasters o na-exposed sa disaster.

REP. TY. Opo.

REP. SALCEDA. Iyon po talaga ang pinakagagawin ng Departamentong ito.

REP. TY. Ang gusto ko pong malaman ay kung halimbawa nandito na ang bagyo...

REP. SALCEDA. Opo.

REP. TY. ... nandito na po—ano ang trabaho ng Departamentong ito, coordination or ito ba ay may kapasidad na tumulong...

REP. SALCEDA. Binibigyan po sila...

REP. TY. ... magresponde sa mga pangagailangan? Halimbawa, nagkaroon ng baha sa Marikina, mayroon po ba silang kapasidad, equipment to go and i-rescue ang mga nabibiktima nitong mga bagyong ito?

REP. SALCEDA. Mas integrated ang gagawin nito dahil imbes na ikalat po on over various agencies ang proposal ng Kongreso ay bigyan ng sapat na poder, at sana pondo na rin, upang maisagawa nito iyong apat na thematics.

So, kung halimbawa, nandiyan na, siya po ang maghahanda. Kasi, ulitin ko lang po, under Republic Act No. 10121, na base po dito sa bersyon, sa harap natin, hindi ho natin nire-repeal o hindi ho natin tinatangal sa local government units ang kanilang primacy in disaster risk reduction, response, relief and rehabilitation. Subalit nakita natin noong Pepeng and Ondoy, nakita natin noong Sendong, nakita na po natin na na-o-overwhelm po ang local capacity. Iyong puwedeng tumulong mismo, biktima din. Samakatuwid po, ang isa sa pinakamagagawa ng Departamentong ito ay ang pagbibigay po ng surge capacity.

REP. TY. Opo. So, it will augment iyon pong kakulangan ng, halimbawa, ng isang local government unit. Ito po ay national in scope na siya pong darating sa isang lugar na may pangangailangan ng tulong. Ganoon po ba iyon at ...

REP. SALCEDA. Mayroon ...

REP. TY. ... siya ang may dala-dalang sariling mga tao at kagamitan upang matulungan iyong lugar na may pangangailangan noong kanyang tulong?

REP. SALCEDA. Ang proposal po natin dito na inaprubahan po ng tatlong komitiba—Committee on Government Reorganization, Committee on National Defense and Security, at Committee on Appropriations, na ito pong Departamentong ito ay magkakaroon po ng boots on the ground sa pamamagitan po tulad sa Estados Unidos na under po ng FEMA, ang Bureau

of Fire Administration, ang Fire Administration, wala pong Bureau, Fire Administration, na sa halos lahat po ng disaster doon, alam kaagad kung iyan ay baha, forest fire. Agad makikita mo po diyan ang Bureau of Fire. So, gagawin pa rin nila iyong mandato, subalit po, mas i-align natin na habang wala hong sunog, at total ang duty naman po ng Bureau of Fire is iyong mga daily, masasabi nating small disaster like fires, so naka-align po sila sa kakayahan, sa kakailanganin po upang matugunan ito. Mayroon po tayong boots halos po sa lahat ng 1,378 LGUs, pati na po cities, mayroon po tayong Bureau of Fire na puwede po agad mautusan natin o ang kanilang kapit-bayan ay puwedeng mautusan upang sumaklolo o magsagawa po ng rescue kung iyong mismo pong lugar o LGU ay overwhelmed po ng disaster.

REP. TY. Opo. So, liliwanagin ko lang po na, halimbawa, nabanggit po ninyo ang sunog at ang Bureau of Fire ang siyang may karapatan o kayang kapangyarihan na magresponde. Ito po bang Bureau of Fire ay magiging under of this Department or ...

REP. SALCEDA. Yes.

REP. TY. ... nandoon pa din po siya sa Department of Local Government.

REP. SALCEDA. Dito na po, ang panukala po ay ilagay dito.

REP. TY. Okay. Ngayon, ang tanong ko po ay, so sa lahat po ng disaster, if the definition ho ng “disaster” dito, kahit na po nangyari lamang ito sa isang barangay o nangyari, halimbawa, ang tinatawag nating disaster sa isang malaking siyudad, pareho po na ang magresponde po ba dito ay itong Department of Disaster Resilience?

REP. SALCEDA. Unang-una po, ang sinasabi ko ang Republic Act No. 10121, ang primacy po ng response is still with the LGU, subalit titingnan po, halimbawa, kung iyon ang tatamaan, halimbawa, isang lugar, tulad ng Cagayan, ay ihahanda na po ng Department of Disaster Resilience ang necessary assets upang masiguro po ang national goals, which are essentially to minimize damages and, of course, achieve zero casualty during disasters.

So, magkakaroon na po, halimbawa, tayo ng strategically located na mga repacking centers, ng mga silos para magkaroon ng puwede pong umalalay, kasi titingnan ho natin na ang pagbibigay, halimbawa, ng relief, na ngayon po ay nasa LGU, and usually kulang, so tatawag sila sa DSWD.

Ngayon po, ang DSWD ay tumutulong lalung-lalo na sa mahirap. Iyon po ang kanyang mandato. Dito

po, ang Department of Disaster Resilience, ang kanya pong pag-prioritize ay kung sino po ang biktima o ang posibleng biktima ng disaster, kasi may isa pong bagay dito na naiiba. Kinikilala po ng batas na ito ang preemptive evacuation. Wala pang disaster, subalit para po walang mamatay ay inililikas muna po, kahit wala pang bagyo, hindi pa maulan, wala pang hangin, inililikas ninyo na po. So, saan ninyo po ilalagay iyan? Hindi naman puwedeng makatulong ang Department of Social Welfare and Development dahil wala pa nga pong namamatay o wala naman pong nasasaktan. Subalit, kinikilala ng batas na ito ang poder ng Department of Disaster Resilience na magsagawa po o tutulong sa mga LGUs sa pagsasagawa po ng preemptive evacuation na hindi ho, sa ngayon, wala ho sa atin pong mga statutes, although mayroon pong mga tinatawag na Joint Memorandum ang DBM at saka ang DILG na nagbibigay po ng guidance sa mga LGUs kung kailan po puwedeng gamitin ang preemptive evacuation. Sa ngayon po, sila na po ang gagawa noon. Hindi na puwede po iyong, ibig sabihin, ito ay isang harapang pagkilala sa kung ano ang kakailanganin upang iyong ating national goals ay makamit.

REP. TY. Okay. Iyon pong katanungan na kung national po ang kanilang trabaho.

REP. SALCEDA. Opo.

REP. TY. Natural, ito ay magkakaroon po ng plantilla position for all of the needs ng ating pangangailangan ng bawat—mula sa isang napakaliit na bayan, distrito, probinsiya or rehiyon. So, nakasaad po dito sa inyong batas, sa Chapter IV, iyong Organization and Management, ito po ay pinamumunuan ng isang Secretary at—ilan po ba ang tao po rito sa nakasaad po rito? Puwede po bang paki ...

REP. SALCEDA. Saan po?

REP. TY. Dito po sa Chapter IV, iyong Organization and Management.

REP. SALCEDA. Aabot po iyan ng 1,600 po, Your Honor.

REP. TY. Iyon ang total po lahat?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. TY. Opo. Hanggang ...

REP. SALCEDA. Sa ngayon po mayroon silang 600...

REP. TY. Okay.

REP. SALCEDA. ...na siya pong umaalalay sa 1,400 LGUs, 81 provinces at 150 cities.

REP. TY. Oho.

REP. SALCEDA. Ewan ko kung ilan ang cities natin ngayon.

REP. TY. Sa kasalukuyan ho ba ay iyon ho ang bilang na pangangailangan kapag itong proposed Bill ay maging batas—iyong 1,000 plus po na binabanggit po ninyo?

REP. SALCEDA. Opo, para magbigay po ng technical advice, supervision, monitoring na ito pong mga LGUs ay sumusunod po sa batas, lalung-lalo na iyong mga batas po na nakapagpabawas ng disaster risk para po mas may kapasidad ang komunidad, para harapin ang disaster risk, at syempre, mabilis na mapanumbalik po ang ekonomiya at ang hanapbuhay po, iyong mga apektado po. So, iyan po talaga ang kanyang gawain.

REP. TY. Opo.

REP. SALCEDA. Halimbawa po, noong panahon ng Yolanda, kailangan tayong humagilap kung sino po ang magpapasunod, sa kung sino po ang magre-rehab. So, kailangan pong bumuo ng OPARR na pinamunuan po ni Senator Lacson. Sa ngayon po, hindi ho na natin kailangan iyon dahil po naatasan ang Departamentong ito na siya po ang magpasimula, mag-implement po, at humanap ng pera para po sa rehabilitation ng isang lugar tulad ng Leyte na siya po ang tinamaan po ng disaster.

REP. TY. Opo. Ang tanong ko lang po pagdating po doon sa Section 17 sa Organizational Structures po natin, pagdating sa letter “d,” iyong 11 Service Directors, hindi po ba ito nauulit lamang doon sa mga functions na ginagawa na po ng mga existing government agencies? Iyong Service Directors, may 11 pong Service Directors ang madadagdag po rito, so maliban po rito ay hanggang sa pinakadulo ng ating mga pinakaprobinsiya, distrito, munisipyo, o hanggang sa barangay ay maglalagay po kayo ngayon ng tao. Hindi po ba ito repetition lamang ng trabaho ng existing government agencies ngayon na siyang nagiging parte noong kanilang trabaho?

REP. SALCEDA. Kasi marami rin pong ginagawa iyong atin pong mga line agencies. Kung minsan po, kailangan po ng disaster management po—halimbawa iyong risk, iyong peligro ay nandiyan na, wala pang trigger. Samakatuwid, Your Honor, kailangan ho natin ng isang continuing, na isang employment of professionals at expertise para po maisagawa ang mga bagay na ito.

Halimbawa po, ang Internal Audit ay lagi naman pong mayroon. Disaster resiliency fund management, pagma-manage po ngayon ng atin pong—wala hong gumagawa niyan kung hindi po ang OCD. Fiscal management, operations, mobilization, plans and programs, legal at iyong 11 Service Directors po ay essentially po ito ay masusi pong napag-aralan kung ito po iyong kakailanganin upang magampanan ng Departamento ang kaniya pong atas dahil kung dati po ang OCD po ay marami po silang isinasagawa, pero wala ho silang tao, subalit po sa ngayon, bibigyan na po natin sila ng tama pong lebel ng staffing pattern at access especially sa talent dito po sa ating bansa. So, kung sa tamang oras po siguro, Your Honor, pero sa pananaw ko ay mukhang wala naman pong duplication kasi...

REP. TY. Opo. Ngayon, ang intention ho nito, sa aking nakikita, is to maximize our resources pagdating po sa disaster resiliency. Ito po ba iyong pakay dito ay to maximize the government's resources para ho pinpointed kung sino ang may obligasyon pagdating ho sa pagtulong...

REP. SALCEDA. Effectiveness po ang mas importante. Effectiveness.

REP. TY. Oho.

REP. SALCEDA. So, ibig sabihin po, kasi ngayon, puwede kang magturuan eh. "Hindi kasi ako binigyan ng budget ng OCD, hindi ako binigyan sa Calamity Fund, naubos na iyong QRF ko." Pero ngayon, may tututok na. "Hoy, ikaw, bayan ka ng Caramoan, may pera ka pa, gamitin mo muna iyan." So, walang ganyang departamento na tumututok po talaga sa kapasidad ng mga LGUs at sa kanilang kakayahan lalung-lalo na sa pinansyal.

Kapag nakita naman po nila na dahil dinaanan na sila ng dating bagyo, so naubos doon iyong kanila pong Quick Response Fund ay puwede po natin itong i-augment o puwede pong i-recommend ng Department of Disaster Resilience na iyong Caramoan ay bigyan po ng dagdag na pondo at mayroon po dito, dahil po ang pagpapatupad noong Republic Act No. 10121 ay marami po ang hindi nakapagpapatupad dahil po sa PS ceiling. Mayroon po ditong dalawa, ini-exempt po ang limang tao sa bawat munisipyo na hindi ho sila bibilangin pagdating po sa pag-compute ng PS ceiling.

Pangalawa, mayroon pong isang pondo para sa Assistance o Adjustment Fund para po sa third- to sixth-class municipalities, cities and provinces. Para kasi alam kaagad natin na kung tatamaan sila, kulang naman iyong pondo nila at hindi nila kakayaning i-sustain iyong mas kakailanganin po na trabaho na iyan. Iyong disaster risk reduction o iyo ngang sabi ko nga kanina,

na pasiguraduhin na huwag mo nang antayin na may bagyo para ilikas—ilipat mo na ng bahay.

So, iyon po ay isang napaka-expensive o mahal at hindi basta-basta po. Lalung-lalo na po ang relokasyon ay isa sa pinakamangyayari o iyong pag-construct po ng evacuation center para po hindi natin masyadong nagagamit ang mga classrooms at nadidistorbo natin iyong mga bata lalung-lalo na at wala nang bagyo, pero nasira po iyong bahay. Samakatuwid po, saan natin patitirahin?

Kasama na po iyan sa mga puwedeng ipasok ng atin pong DDR upang mas maging maayos po, mas orderly and systematic ang resolusyon po natin ng consequences of disaster.

REP. TY. Opo. Isa pa hong nakasaad dito sa pagtatag po ng Ahensyang ito—"upang bumilis ang aksyon." I think iyon ho ang isa sa pangunahing dahilan kung bakit ho itinatag ang Ahensyang ito upang bumilis iyong action dahil nabanggit ho ninyo kanina iyong frustration natin sa pagresponde sa Yolanda at saka sa mga ilang mga lugar natin na tinamaan po ng disaster.

Ang tanong ko po, pagdating po ba dito sa Chapter VI, Whole of Government and Whole of Nation's Approach, there are 47, whether this is agency or presented by a Secretary, hindi ho ba magiging mas tatagal o babagal ang aksiyon natin kapag kailangan po nating magkaroon ng representante ng lahat ng ahensyang ito upang ...

REP. SALCEDA. Policy-making lang naman po sila. Kasi nga po hindi lahat po ng kaalaman lalung-lalo na ang inter-disciplinary, multi-disciplinary, kasama na po ang socio-anthropological, ang hydro-meteorological, lahat po ng sciences, dapat po ay nasa employment po ng—para po tama ang gagawin at hindi po magkakaroon tayo ng mga aksiyon na rumeresulta sa maladaptation. Akala mo nakakatulong ka pero lalo mo palang napapasama iyong estado noong biktima na gusto mong tulungan. Halimbawa, may nangyari po dati sa Aurora, eh in-evacuate nila, so na-evacuate nila sa isang kapilya. Noong pagbuhos po noong landslide, isahan tuloy. So, dahil po iyong mismong pinaglipatan ay talagang prone to disaster then, lalung-lalo na sa disaster risk.

So, mayroon pong mga siyensya, lalung-lalo para sa akin ang socio-anthropological, dahil po kailangan po nating maintindihan kung ano ang pananaw ng mga indibidwal. Para sa akin po sa experience ko sa Albay, isa sa pinakamahirap po iyong alam nila na puputok na ang Mayon pero subalit ayaw nilang umalis kasi ang dahilan ay dito na ako ipinanganak, dito ako lumaki, dito na rin ako mamamatay. Ang tawag po doon ay iyong cultural attribute po ng attachment to place.

Kung iisipin, hindi ko naman po puwedeng bawalan ang Mayon na pumutok, pero po kailangan

ay dapat pong mailikas ko po iyong mga tao, subalit may resistance po. Pero kung maiintindihan ninyo po kung bakit ayaw nilang lumipat, dahil po iyong kanilang aso ay kailangang ilikas din, iyong kanilang mga baboy ay kailangan din ilikas, iyong kanilang kambing, iyong kanila pong damulag, iyong kanila pong baka. So, noong maintindihan po namin iyan, nagkaroon po kami ng malakihan pong animal evacuation center.

Dahil po sa resulta na masasabi natin na nahango po sa experience at iyon po isini-share natin at doon po iyan lalabas either sa Multisectoral Convergence Unit o doon po sa Policy Advisory Board na ang tawag po ngayon iyan po ngayon ang nakikita ninyong pangalan kung saan-saan na nagte-text sa inyo na—NDRRMC.

REP. TY. Opo.

REP. SALCEDA. So, ngayon po iyong NDRRMC will be transformed into what it is. It is a council. It is not an implementing agency.

REP. TY. Opo. Ito ay policy-making body.

REP. SALCEDA. Policy Advisory Board po.

REP. TY. Policy advisory. Ang akin pong pinangangambahan lamang, alam po naman ninyo, Mr. Speaker, G. Isponsor, pareho tayong nanggaling sa private sector. Dati-rati, alam naman po natin na kapag habang dumadami ang ating kinukunsulta, humahaba ho ang diskusyon at sa bandang huli wala ho tayong mararating. Ang akin lang hong pinangangambahan ay sana ay hindi ho maging dahilan itong dami ng siyang magbibigay ng mga proposals nila na wala ho tayong magawang aksyon o magandang kongkretong formula kung papaano ho natin rerespondehan ito hong mga parating o dumating na disaster.

REP. SALCEDA. Kaya nga po makikita ninyo, Your Honor, iyong napakalaking papel na ibinibigay namin sa private sector dito lalung-lalo na po iyong paghango ng kaalaman. Eh kung dati-rati po ay walang pupuntahan, halimbawa iyong mga private volunteers, ngayon po mayroon na po silang sangkalan na kung mayroon silang sa tingin nila makakapagpabilis, eh iisa na lang ang puwedeng kausapin nila. Kung gusto nila na maging isang pormal na panukala, ang kanila po na dapat i-replicate sa buong bansa, puwede silang dumaan sa Multisectoral Convergence Unit at puwedeng iangat po sa tinatawag na natin ngayon na “NDRRMC” na siya po na itinakda ng Republic Act No. 10121.

So hindi, wala hong mawawala kung lahat po ng disiplina—multi-disciplinary, inter-disciplinary—ay

atin pong mapapakinggan, lalung-lalo na sa mga panahon ngayon. Habang hindi ho tayo tinatamaan ng baha, ng pagguho ng lupa, o ng bigla pong pagtaas po ng tubig, ng baha, o ng storm surges, ay mayroon po tayong isang puwedeng maasahan na mag-aaral at hihingi po ng abiso sa lahat po ng various sciences and disciplines na nakapaloob po sa various departments po ng atin pong gobyerno.

So sa pananaw ko, Mr. Speaker, by having one that will essentially consult everyone, sa tingin ko hindi naman ho tama. Baka mangyari nga iyong nangyari sa NFA at saka NFAC na kung saan iyong NFA ay kontra sa mga balak ng NFAC, pero dito po, Advisory Board po siya na puwede siyang magbigay ng recommendation. Pero ang itinakda po, agad-agad, that the primary government agency in leading, organizing, controlling and monitoring the national effort to reduce risks, to respond to risks, to provide relief, and to rehabilitate and to recover ay nandito po sa Department. So, very clear po, hindi po NDRRMC o hindi po isang departamento na marami pong ginagawa. Halimbawa, ang DILG, puwede nating isipin na bakit hindi na lang natin iluklok dito lahat ng functions? Eh sila po ang nagbabantay sa napakaraming LGUs, halos 2,000, at iyong 2,000 pong ito ay nagpapatupad ka ng 11,000 laws—nasa RA ano na ho ba tayo ngayon? Republic Act No. 11109-something na ho tayo ngayon eh. Nasa 11,000 na ho tayo so marami ho silang gagawin.

So, kailangan ho natin ng isa talaga dahil lang po, one, the preponderance of disaster risks in the Philippine milieu. Hindi ho natin kasalanan na tayo ay nasa loob po ng typhoon belt, seismic belt, at Pacific Ring of Fire. Archipelagic tayo kaya ang lupa ay hindi po nakakaipon ng tubig; therefore, tayo po ay at risk of drought. Pagkatapos ay highly urbanized tayo kaya po dito sa Metro Manila, hindi ho naman basta-basta mare-relocate iyan. Kumbaga, tingnan mo pragmatically what to do with Metro Manila. You just have to perfect your evacuation strategy because it will be so expensive if you want to relocate at least four million people who are living in high-danger zones like riverbanks. So, iyan po iyong mga pag-aaral na puwede ho natin siguro mapag-usapan at gawing isang policy action ng atin pong buong Estado.

